RELEASED
Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date: AUG 0 6 2018
Time: 8:45
Initial/Signature:

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
**DIVISION OF CATANDUANES**
Virac, Catanduanes
Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052)811-40-62

3 Agosto 2018

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Prinsipal ng Elementarya at Sekundarya

Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018. Ang nakaplanong pampaaralang gawain ay maaring dagdagan ayon sa lingguhang paksa. Hinihimok ang paglalagay ng mga impormasyong pangwika sa mga *bulletin boards* at integrasyon ng kulturang Filipino sa pagtuturo.

Higit sa lahat, hinihimok ang pagsasalita ng Filipino ng mga guro at mag-aaral sa buwang ito at ang pagsusuot ng mga guro ng simpleng kasuotang Filipino isang beses kada linggo.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

Republic of the Philippines
# Department of Education

16 JUL 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 119 , s. 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay Filipino: Wika ng Saliksik.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loób ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, Sangay ng Edukasyon at *Networking (SEN)*, Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2519; (02) 736-2524; (02) 736-2525 o email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com at website: www.kwf.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim